Purihin si Hesukristo!

Minamahal na mga tapat na mananampalataya, lalo na ang mga nagdurusa habang kanilang nakikita na ang Banal na Inang Simbahan ay dumaranas ng di inaasahang krisis. Ginigiliw na mga Katolikong Ama at Ina ng mga pamilya! Minamahal na mga Kabataang Katoliko! Iniiibig na mga Katolikong mga musmos pa! At lalo na ang mga sinisintang mga madre na nakatuon sa pananalangin, ang mga espirituwal na hiyas ng Simbahan! Minamahal na mga Katolikong Seminarista! Mga ginigiliw na Kapariang Katoliko, na siyang mga "pag-ibig ng Kabanalbanalang Puso ni Hesus!

Ang kalituhan sa loob ng Simbahan ay umabot na sa punto na tayo ay dapat nang manalangin sa Panginoon gamit ang mga salita ni Ester "Wala nang tutulong sa amin kundi ikaw lamang" (Esther 4:31/14:3). Dahil rito, tayo ay sumilong sa Kalinislinisang Puso ni Maria sa pamamagitan ng Panalangin ng Pagsamo para sa mga Banal na Papa. Tayo ay sumigaw sa langit kasama ng Salmistang si David: "Gumising ka sana, Panginoon! Sa paghimlay ay gumising. Bumangon ka at tumulong, kami ngayon ay iligtas." (Ps. 43:23).

Ika-18 ng Enero, 2024, Sinaunang Kapistahan ng Luklukan ni San Pedro sa Roma.

+ Athanasius Schneider, Katuwang na Obispo ng Arkidiosesis ng Saint Mary sa Astana

**Panalangin ng pagsusumamo para sa isang Banal na Papa ng Simbahan**

Panginoon maawa ka! Kristo maawa ka! Panginoon maawa ka! Panginoong Hesukristo, Ikaw ang Mabuting Pastol! Sa pamamagitan ng Iyong makapangyarihang kamay ginagabayan mo ang iyong Simbahang naglalakbay sa pagsuong nito sa mga unos ng bawat panahon.

Palamutian mo ang Santa Sede ng mga Banal na Papa na hindi natatakot sa mga makapangyarihan sa mundong ito o sumunod sa mga layaw ng panahon, kundi pangalagaan, patatagin at ipagtanggol ang pananampalayang Katoliko hanggang sa pagdanak ng kanilang dugo, at tupdin, ipagtanggol at ipasa ang kapita-pitagang liturhiya ng Simbahang Romano Katoliko.

Panginoon, pumarito ka sa amin sa pamamagitan ng iyong mga Santo Papa na may nagaalab na sigasig ng mga Apostol na ipahayag na "Ang kaligtasan ay masusumpungan lamang kay Hesukristo. Sapagkat wala nang iba pang pangalan ang ipinagkaloob sa sangkatauhan sa mundong ito, na kung saan sila ay maliligtas" (cf Gawa 4:10-12).

Sa pagkaroon ng kapanahunan ng mga banal na papa, ang Santa Sede—ang tahanan ng lahat ng nagtataguyod ng Katoliko at Apostolikong Pananampalataya— nawa ay magningning bilang luklukan ng katotohanan para sa buong daigdig. Dinggin mo kami, O Panginoon, at sa pamamagitan ng Kalinislinisang Puso ni Maria, ang Ina ng Simbahan, pagkalooban mo po kami ng mga banal na Papa! Kaawaan mo po kami at kami ay iyong dinggin! Amen.